Headline	Mga health worker sinanay sa pagturok ng insulin
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)
Date	02 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Mga health worker sinanay sa pagturok ng insulin

May kabuuang 120 na mga health worker mula sa Calabarzon ang sinanay ng Department of Health (DOH) para sa tamang pagturok ng insulin sa mga pasyenteng may sakit na diabetes.

Ayon kay DOH-Calabarzon Regional Director Eduado Janairo, ang mga health worker ang mga first line responder sa mga Rural Health Unit na siyang takbuhan ng mga pasyenteng may sakit na diabetes kaya nararapat lamang na matuto ang mga ito sa tamang pagturok ng Insulin.

Ayon sa datos ng Philippine Society of Endocrinology Diabetes and Metabolism noong 2016 ay mayroon 3.5 milyon na mga adult ang may diabetes, 1.8 milyon dito ay undiagnosed at mula sa numerong ito, 65.6% na mga Pilipinong babae ay obese.

Kabilang ang mga nurse, provincial and municipal health officer, non-communicable disease coordinators mula sa iba’t ibang probinsya ng rehiyon ang matagumpay na pumasa sa pagsasanay. (Gene Adsuara)